Mga Tip sa Pagbabasa sa mga bata.

Ang karunungan ay nagsisimula sa pagkanganak. Kantahan, magrima ng mga salita at ipagbasa ang inyong anak. Magbasa at kumanta sa anumang salita. Simulan agad pagkanganak ng inyong sanggol.

Magtakda ng oras sa bawa't araw sa pagbasa sa inyong anak, tulad sa oras ng pagidlip, pagtulog o pagkakain.

Pumili ng lugar na maginhawa, tahimik at malayo sa mga pangambala. At pagkatapos ay magkandungan, tumawa, malukohan, magrelaks, at magsaya! Gawing masigla at magpahiwatig ng damdamin sa pagbabasa. Ang kailangan ng mga bata ay ang pakiramdam ng kaaliwan na maibibigay ng mga libro at ang pagbabasa.

Basahin ng madalas ang mga paborito ng mga bata ayon sa dalas ng kagustuhan nilang mapakinggan ito! Ang mga bata ay naaaliw at natututo agad sa pag-uulit-ulit.

Piliin ang mga libro na makakapagbigay ng interes sa bata at may kaugnayan sa mga nangyayari sa buhay ng bata sa panahon na iyon, maari itong isang pagbiyabiyahe ng pamilya o isang bagong karanasan tulad ng pagsimula sa iskuwela.

Payagan ninyong hipuin ng anak ninyo ang mga libro, ituro ang mga salita at mga larawan at ilipat ang mga pahina.

Magbasa sa anumang salita.

Ipagbasa at sabayan ng pagbasa ang mga bata…. Huwag ninyong asahan silang magbasa. Kung gusto nilang sumunod sa tunog ng mga salita nang paminsan minsan, ito ay isang bonus, nguni't huwag pupwersahin kung kayo ay nagbabasa nang sabay. Dahan-dahan lamang ang pagbabasa at inhinto sandali paminsan minsan. Magbibigay ito ng pagkakataon na ma-intindihan ng mga bata ang anumang nadidinig nila.

Ipakita lahat ng klaseng pagbabasa sa inyong mga anak. Ipakita ninyo na binabasa ninyo ang diyaryo, ang TV gayd, mga resipi atbp. Sabihin ang opinyon ninyo sa inyong binabasa nang makita nila na ang pagbabasa ay maraming hangarin.

Minamahalaga ng mga bata ang mga libro nila. Ang mga librong makakayang bilhin ay makikita sa mga tinitinda sa mga bakuran, sa murang tindahan, mga tindahan ng mga librong Segunda mano, at sa mga Libreriyang Pampubliko na nagtitinda ng mga libro. Bigyan ng aparador o istante ng mga libro ang inyong anak para sa sarili niyang mga libro. Ang suskrisyon sa mga magasin na pambata ay magandang regalo para sa bata.

Pakinabangan ang Libreriyang lokal. Alamin ang mga oras ng istorya para sa mga bata. Itakda ang pagpunta sa Libreriya sa inyong iskedyul. Ang kard sa libreriya ay isang libreng paraan na pamumuhunan para sa kinabukasan ng inyong anak.

Mga tip sa karunungang bumasa't sumulat ihinanda ng Halton Literacy Advisory Committee.

Cozy Reading

Ontario
Early Years